

# Tunay na Kapangyarihan para sa mga Tunay na Tao

Paglikha ng Unang Komisyon ng mga  
Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito





# Pangkalahatang-tanaw

- Sa pagitan ng mga linya: ano ang pagbabago ng distrito?
- Paano binago ng Batas na Mga Botante Muna ang proseso ng pagbabago ng distrito?
- Ano ang papel ng mga mamamayan?
- Bakit hindi kayo? (Ito'y madali)
- Paano ito magkakabisa?





# Sa pagitan ng mga linya: Ano ang pagbabago ng distrito?

- Ang California ay isang lumalaking estado – pero ang mga magkakaibang komunidad ay lumalaki sa mga magkakaibang antas. Minsan sa 10 taon, ang Sensus ay nagpapakita sa atin kung paano nagbago ang mga komunidad.
- *Ang pagbabago ng distrito ay ang proseso ng pagbabago ng mga hangganan ng mga distritong pampulitika upang magkakatulad na bilang ng mga tao ang naninirahan sa bawat Distrito ng Senado, Asembleya, Kongreso at Lupon ng Pagpapantay.*
- *Ang pagbabago ng distrito ay tumitiyak na ang bawat tao ay may pantay na pagkatawan. Ito'y kung paano tayo sumusunod sa prinsipyo – isang tao, isang boto.*





# Paano binago ng Batas na Mga Botante Muna ang proseso ng pagbabago ng distrito?

Binago ng Batas na Mga Botante Muna kung *sino* ang gumagawa ng pagbabago ng distrito:

- Hanggang ngayon, ang Gobernador at Lehislatura ng Estado ay responsable sa proseso ng pagbabago ng distrito.
- Ang “Mga Botante Muna” ay nagbibigay sa **Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito** ng responsibilidad sa pagbabago ng distrito ng mga distrito ng Senado, Asembleya at Lupon ng Pagpapantay.
- Ang “Mga Botante Muna” ay nag-aatas sa Tagasuri ng Estado na pangasiwaan ang pakikipag-ugnayan sa botante at proseso ng aplikasyon at pagpili ng komisyon.
- Ang Gobernador at Lehislatura at patuloy na nagsasagawa ng pagbabago ng distrito ng Kongreso.





# Ano ang papel ng mga mamamayan?

---

Inilalagay ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ang tunay na kapangyarihan sa mga tao. Ang Komisyon ay:

- Magsasagawa ng mga pampublikong pagdinig at tatanggap ng komento ng publiko
- Guguhit ng mga bagong mapa ng distrito
- Boboto sa plano sa pagbabago ng distrito na gagamitin para sa susunod na dekada

Ang komisyon ay bubuuin ng hanggang 14 na miyembro

- 5 Demokratiko
- 5 Republikano
- 4 na hindi mula sa alinman sa mga partidong ito





# Bakit hindi kayo? (Ito'y madali)

---

- Mas maraming tao ang mag-aplay upang maglingkod, mas mabuti. Kailangan natin ng isang komisyon na nauunawaan at ipinapakita ang pagkakaiba-iba ng California.
- Kumpletuhin at isumite ang inyong aplikasyon on-line
- Tatanggapin ang mga aplikasyon sa Dis. 15 2009 – hanggang Peb. 12 2010
- Pumunta sa [www.WeDrawTheLines.ca.gov](http://www.WeDrawTheLines.ca.gov) para sa mga regulasyon, mga paunawa ng pulong at iba pa





# Bakit hindi kayo? (Ito'y madali)

---

Sino ang kuwalipikado? Sinumang rehistradong botante na:

- **Bumoto** sa dalawa ng pinakahuling tatlong pambuong-estadong pangkalahatang halalan
- **Hindi nagpalit ng kinasasapiang partido** sa nakalipas na limang taon
- Natugunan ang mahihigpit **na iniaatas tungkol sa kasalungat na interes**





# Bakit hindi kayo?

## Mga Pamantayan sa Kasalungat na Interes

---

Ang alinman sa **aplikante** o **malapit na kapamilya** ay hindi pinahintulutan sa nakalipas na 10 taon na:

- Hirangin sa, ihalal sa, o isang partidong pampulitika para sa estado ng California o katungkulan sa Kongreso
- Naging tagalobi o naglingkod bilang binabayaranang tauhan o tagapayo sa Gobernador o miyembrong pangkongreso, pambatasan, o Lupon ng Pagpapantay ng estado
- Nag-ambag ng \$2,000 o higit sa alinmang taon sa isang kandidato sa California







# Paano ito magkakabisa?

---

- Ang mga aplikasyon ay nirerepaso ng tatlong-miyembrong lupon ng pagrepaso
  - Lahat ng mga CPA na nagtatrabaho para sa Tagasuri ng Estado ng California
  - Demokratiko, 1 Republikano, at 1 iba
- Ang lupon ay nagsusuri para sa mga salungatan, naghahanap ng 60 ng pinakakuwalipikadong aplikante batay sa:
  - May-kaugnayang mga kasanayan sa pagsusuri
  - Kakayahang maging walang-kinikilingan
  - Pagkaunawa sa magkakaibang demograpiko at heograpiya ng California





# Paano ito magkakabisa? Pagpili ng mga Komisyoner

- Ang lupon sa pagrepaso ng aplikante ay nagkakaloob sa Lehislatura ng mga pangalan ng 60 ng mga pinakakuwalipikadong aplikante sa tatlong subpool:
  - 20 Demokratiko
  - 20 Republikano
  - 20 Iba
- Ang mga lider na pambatasan ay maaaring mag-alis ng hanggang walong pangalan mula sa bawat isa ng tatlong subpool
- Ang Tagasuri ng Estado ay sapalarang bubunot ng mga pangalan ng unang walong Komisyoner
- Ang unang walong Komisyoner ay pipili ng natitirang anim upang itatag ang buong 14-na-miyembrong Komisyon



# Bakit hindi kayo?

Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa World Wide Web

